Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagpili ng Angkop na Pang-abay na Ingklitik (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang pang-abay na ingklitik na bubuo sa pangungusap

Bilugan ang pang-abay na ingklitik na bubuo sa pangungusap.
Pumili sa mga pang-abay na ingklitik sa loob ng panaklong.

1. Wala akong masakyan (kasi, lang, kaya) nahuli ako sa klase.
2. Malungkot (sana, yata, man) si Carmen. Wala siyang imik buong umaga.
3. Magmeryenda (muna, tuloy, pala) tayo bago natin gawin ang takdang-aralin.
4. Narito na (rin, naman, pala) si Tatay! Akala ko mamayang gabi pa siya makakauwi.
5. (Sana, Naman, Lamang) mataas ang makuha kong marka sa pagsusulit.
6. Sandali (man, lang, kasi). Malapit na ako matapos.
7. Naggigitara ka? Marunong (din, pa, kaya) tumugtog ng gitara ang aking kapatid.
8. Pumapalakpak ang mga manonood. Natapos (ba, na, pa) ang programa.
9. Nadapa ka na (nga, raw, naman)? Pangatlong sugat mo na ito ngayon.
10. Hindi (na, pa, ba) dumarating ang sundo ko. Kanina ko pa nga hinihintay.
11. Hinahanap ka ni Ginang Ramos. Kailangan ka (raw, pala, sana) niyang makausap.
12. Matulungin na bata si Cristina. Tinulungan (nga, lang, yata) niya ako sa paglinis ng bakuran.
13. Dapat pangalagaan ang mga karapatan ng bawat bata, mayaman (din, lang, man) o mahirap.
14. Sinabi mo na (ba, kasi, muna) kay Nanay ang magandang balita?
15. Hindi ka kasi nakikinig sa guro. Hindi mo (kaya, lang, tuloy) alam ang gagawin sa klase.

© 2014 Pia Noche